# HANDA NA KAMI

*by:*
**Monique G. Garcia**
*Casupanan Elementary School*

Marami ng panahon ang lumipas. . .sobra na kaming umasa at lalu na kaming nangulila sa presensya ng aming paaralan. Handa na kami! Handa nang pumasok ng buong puso para sa mas marami pang kaalaman na matutunan. Handa na kaming magkaroon ulit ng maraming kaibigan sa loob at labas ng paaralan. Handa na kaming humubog muli ng mga pangarap sa buhay.

Ang halos dalawang taon na lumipas ay parang kailan lang pero nagbigay ng matinding parusa sa sistema ng edukasyon. Gayunpaman, di tumigil ang ating pamahalaan na bigyan tayo ng alternatibong paraan para di masayang ang ating nasimulan. Sa paggamit ng mga self-learning modules, online learning, at iba't iba pang paraan ng pagtuturo ay nairaos ang mga araw sana na ang virus na Covid-19 sana ang nangibabaw. Bilang pag-iingat, naranasan natin na ang ating mga magulang ang pumupunta sa ating paaralan para kuhanin ang mga modules at isauli rin sa takdang panahon. Facemasks, face shield, alcohol, syempre bakuna at ibayong pag-iingat ang naging sandata ng bawat isa para masugpo ang nakamamatay na virus.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

At nagbunga naman ito ng maganda, lahat ng malasakit at sakripisyo ng bawat isa ay nagkaroon ng mabuting bunga. Hindi nasayang ang mga panahon sana na nagmumukmok at naghihintay sa kawalan. Ngayon unti-unti ng bumabalik ang sigla ng mga bata sa pangalawang tahanan na turing nila. Nadama muli nila ang kalinga at pagmamahal ng kanilang pangalawang ina o ama, ang mga guro. Masaya na uli ang mga batang naglalaro sa palaruan habang nakikipagkwentuhan sa kanilang mga kaklase at kaibigan.

Marami na ang nagbago pero sa ikagaganda at ikaaayos ang mga pagbabagong iyon. Di ba nga't may kasabihan tanging permanente lamang sa mundo ay pagbabago. Kaya dapat lang nating itong yakapin at sundin. Minsan pa, napatunayan natin na sa bawat problemang dumarating, may kaakibat na solusyon. Handang-handa na kami!

*References:*

https://nspcpinoy.wordpress.com

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan